



EDITORIAL

Hadlangan ang banta ng batas militar sa kampus

Maitim ang balak ng pasistang rehimeng Duterte. Sa lalim ng galit ni Rodrigo Duterte at ng kanyang mga alipures sa mga estudyante at guro na malayang nagpapahayag ng pagtutol sa kanyang pasistang rehimen, nais niyang ipailalim ang mga paman-tasan sa kanyang tiranikong paghahari.

Sa nagdaang ilang linggo, ginamit ni Bato dela Rosa, sunud-sunurang tuta ni Duterte, ang kanyang pwesto sa Senado, upang kahulan ang mga aktibistang kabataan at ang mga guro. Kung anu-anong basurang palabas ang ginawa ni dela Rosa sa hangaring ipitin ang mga samahang kabataan at mga guro. Desperadong argumento naman ang pananakot ng AFP na dahil bawal silang pumasok sa kampus, hindi nila mapipigilan sakaling magkaroon ng pamamaril sa loob ng mga eskwelahan.

Iginigiit ng mga pasistang ahente ang pagbabasura sa kasun-

duang Soto-Enrile na pinirmahan noong 1982. Ang kasunduang ito ay isa sa pinakamahalagang pamana ng mga mag-aaral sa kanilang paglaban sa diktadura ni Ferdinand Marcos para itaguyod ang demokrasya at mapayabong ang kalayaang akademiko sa mga kampus. Nakadugtong dito ang kasunduang University of the Philippines-Department of National Defense (UP-DND) noong 1989 na nagtatakda ng katulad na pagbabawal na pumasok sa kampus ang mga tauhan ng AFP at PNP.

Pinakapakay ni dela Rosa at ng mga opisyal ng AFP at PNP na alisin

"Hadlangan...", sundan sa pahina 2

4 AK47, nasamsam ng BHB-MisOr

TUMAGAL NANG LIMANG minuto lamang ang walang-putok na armadong aksyon ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) laban sa isang mapanirang planta ng enerhiya sa Misamis Oriental noong Agosto 19 ng umaga.

Nakumpiska sa reyd ang apat na ripleng AK47 at 200 bala mula sa mga gwardya ng AY 76 Security Agency na nakatalagang mga bantay ng Minergy Power Corporation (MPC) sa Barangay Quezon Heights sa bayan ng Balingasag. Nasamsam din ng mga Pulang mandirigma ang ilang radyo mula sa mga gwardya.

Pinatatakbo ng MPC ang isang 165-MW coal power plant sa tabi ng Macajalar Bay. Tinatapon ng planta sa baybay na ito at sa kalapit na lugar ang basurang nakalalasang kemikal. Bunga nito, inireklamo ng mga residente sa

"AK47...", sundan sa pahina 3

"Hadlangan...", mula sa pahina 1

ang mga balakid para palakasin ang presensya ng mga pulis at sundalo sa loob ng mga kampus na anila'y may "karapatan" ding magsagawa ng "indoktrinasyon" sa mga estudyante. Sa daan-daang mga paaralan, isinasagawa na ngayon ng AFP at PNP ang ganitong kampanyang indoktrinasyon sa anyo ng mga "youth leadership forum," "information drive," "training" o "immunization" (o "pagbabakuna") laban sa "sakit na komunismo" para labanan ang "komunistang impiltrasyon" sa mga paaralan.

Binabansagan dito ang mga aktibistang organisasyon bilang "mga prente" ng Partido Komunista. Itinuturo ng AFP at PNP na ang kritisismo at paglaban sa naghaharing rehimen at sistema ay pawang bunga ng "komunistang ahitasyon." Pilit na tinatabunan ng pasistang ideolohiya ang pag-iral ng pang-aapi at pagsasamantala at kawalan ng pambansang kalayaan na siyang pinakaugat ng armado at di-armadong paglaban ng bayan.

Ang nais ngayon ng AFP ay pu-mailalim ang mga pamantasan sa pasya ng militar at magsilbing tungtungan para sa pagpapalaganap ng pasistang doktrina nito. Sa saligan, ang presensya ng mga armadong elemento ng estado ay taliwas sa pag-iral ng kalayaang akademiko sa loob ng mga pamantasan. Hatid ni-to'y banta o intimidasyon sa mga mag-aaral at guro, mga siyentista at mananaliksik. Hindi maaaring yumabong ang intelektwal na pag-iisip kung ang akademya ay nasa ilalim ng armadong banta ng estado. Nangangarap si Duterte na maibalik ang panahon ni Marcos kung saan ang akademya ay nagsilbing taga-pagpalaganap ng opisyal na linya ng "bagong lipunan." Nais niya itong bantayan ng kanyang armadong mga ahente at pagharian ng mga mersenaryong intelektwal.





Taliwas sa pasismo ang liberal na tradisyon ng kalayaang akademiko. Para sa mga pasista, hindi dapat binibigyan ng puwang ang mga kaisipan o pananaw na hindi sumasalamin o nagtataguyod sa

dogma o doktrina ng naghaharing rehimen. Ang pagpapahayag at pagsuporta sa patriyotiko at demokratikong interes ng bayan o paglalahad ng kritisismo sa kasalukuyang sistema at pamamalakad ay itinuturing na subersyon o nagsisilbi sa armadong rebolusyon.

Kung pahihintulatang malayang makapasok ang AFP at PNP sa mga kampus, mas hayagan at malala ang isasagawang pagmamanman at panggigipit ng mga pasistang ahente ng rehimen Duterte laban sa mga mag-aaral at guro. Ang presensya nila ay intimidasyon para pigilan ang mga kabataan na sumali sa mga organisasyon, pagtitipon o pagpapahayag laban kay Duterte. Ibayong pagsupil sa demokratikong karapatan ng mga estudyante at guro ang ibubunga ng ganitong hakbangin. Sa madaling salita, pagpapataw ng batas militar sa kampus ang katapusang kahulugan nito.

Ang lahat ng mga hakbanging ito ng AFP at PNP ay isinasagawa alinsunod sa doktrinang *counterinsurgency* na siya na ngayong nana-naig na patakaran ng rehimen Duterte. Pagsasakatuparan ito ng "whole-of-nation approach" o "sa pamamagitan ng buong bansa" na walang ibang pakay kundi ang ipailalim sa militar ang buong bansa. Nais nitong kontrolin maging ang mga ahensyang pang-ideolohiya, pangkultura, pangkabuhayan at panserbisyo upang magsilbi ang mga ito sa "counterinsurgency" sa kapinsalaan ng interes at pangangailangan ng mamamayan. Ang tumangging sumuporta sa AFP ay nasa peligrong maakusahang "simpatizador ng komunista." Lagpas sa "pambansang depensa" at "kapa-yapaan at kaayusan," pinakikialaman ng AFP at PNP ang lahat ng ibang aspeto ng lipunang sibil.

Dapat lubos na makita ng lahat na ang bantang batas militar sa mga pamantasan ay mahigpit na nakaugnay sa pag-iral ng batas militar sa Mindanao at sa di deklarang batas militar sa Negros, Samar, Bicol at buong bansa. Itinutu-

 <p>Tomo L Blg. 16 Agosto 21, 2019</p> <hr/> <p>Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.</p> <p>Tumatanggap ang <i>Ang Bayan</i> ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.</p> <p> instagram.com/progressiveviews</p> <p> @prwc_info</p> <p> cppinformationbureau@gmail.com</p>	<h2 style="text-align: center;">Nilalaman</h2> <p>Editorial: Hadlangan ang banta ng batas militar sa kampus 1</p> <p>4 na AK47, nasamsam ng BHB-MisOr 1</p> <p>Armadong paglaban sa todo-gera sa Bicol 4</p> <p>Desperadong pagsupil sa kabataan 4</p> <p>Militarisasyon ng mga kampus, nilabanan 5</p> <p>Katangian at layunin ng FMO sa Bukidnon 6</p> <p>Mga opensiba sa panahon ng FMO 8</p> <p>Pagiyurak sa karapatang-tao 9</p> <p>200 pamilya, nagbakwit sa Caramoan 10</p> <p>Gina Lopez, pumanaw na 10</p> <p>Piket sa Pepmaco, marahas na binuwag 11</p> <p>FFM sa Isabela 11</p> <p>P113.7M-halaga ng librong nakatambak 11</p> <p>3 patay sa "gera kontra -droga" 11</p> <p>Araw ng Paglululksa para sa Negros 12</p> <p>Dengvaxia, pinaboran ni Duterte 12</p> <p>Bagong pasilidad para sa militar ng US 12</p> <p>Protesta sa Hongkong 13</p> <p>Sunog sa Amazon, nakaalarma 13</p>
<p style="text-align: center;">Ang <i>Ang Bayan</i> ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	

lak ito ng mga pasistang nasa likod ng malawakang abusong militar at paglabag sa mga karapatang-tao, panggigipit sa mga pwersang oposisyon, pagsupil sa mga welga, pagsupil sa mga pakikibakang magsasaka at iba pang anyo ng paniniil. Karugtong din ito ng panukalang ibalik ang Batas Kontra-Subersyon (kung saan krimen ang maging kasapi ng Partido) at amyendahan ang Human Security Act upang lalong gawing matalim na sandata para supilin ang demokratikong pamamahayag at pagkilos.

Nais ng rehimeng Duterte na patahimikin ang mga estudyante at mga guro na kabilang sa pinakamasigasig sa pagpapahayag ng kritisismo at pagtutol sa pasismo. Pakay ng rehimeng Duterte na busalan ang bibig at lupigin ang mga aktibista upang walang hadlang ang pagpapataw nito ng mga pabigat na mga patakaran kabilang ang bagong mga buwis, *pork barrel* at dayong pangungutang, ang pagtatraydor ni Duterte sa interes ng bansa, sa pagluhod nito sa China at sa US, ang planong "charter change" at iba pang anti-mamamayang hakbang.

Subalit tiyak na mabibigo ang tangka ni Duterte at ng AFP at PNP na sikilin ang karapatang akademiko at paghariin ang batas militar sa kampus. Sinalubong ito ng mahigpit na pagtutol at malawak na protesta ng mga estudyante at guro ng malalaking pamantasan sa mga nagdaang araw. Kung ipipilit ito ni Duterte, tiyak na mas malaki at malawak pang paglaban, diskurso at debateng akademiko at protesta sa lansangan ang isasalubong dito ng mga estudyante at guro at ng buong bayan.

Lalong higit na mabibigo ang paniniil na ito sa mga estudyante at guro na pigilan silang sumuporta at lumahok sa armadong pakikibaka. Dahil sa pakanang pasista ni Duterte, lalong mas marami pa ang nahihikayat na tumulong o sumapi sa Bagong Hukbong Bayan na siyang tunay na kumakatawan sa patriyotiko at demokratikong interes ng bayan. AB

BHB na nagkaroon sila ng iba't ibang sakit kabilang ang hika, pagkahilo at *sore eyes* makaraang naging lubusan ang operasyon ng planta noong Setyembre 2017.

Nagsagawa rin ng pagsisiyasat ang sangguniang panlalawigan ng Misamis Oriental pero walang nangyari, ayon kay Ka Nicolas Marino, tagapagsalita ng BHB-Misamis Oriental. Ang MPC ay pagmamay-ari ng pamilyang Nepomuceno, mga burukrata-kapitalistang nakabase sa Pampanga. Nabigyan ito ng lisensyang magtayo at mag-opereyt ng plantang pang-enerhiya noong panahon ng rehimeng Ramos. Solo itong tagasuplay ng kuryente sa buong syudad ng Cagayan de Oro at Phividec Industrial Estate sa Tagoloan, Misamis Oriental.

Samantala, pinabulaanan ni Ka Malem Mabini, tagapagsalita ng BHB-North Central Mindanao Region (NCOMR), ang walang batayang pagmamayabang ng pasistang pangulo na si Rodrigo Duterte na napanalisa na ang mga operasyon ng BHB sa rehiyon.

Katunayan, aniya, 13 taktikal na opensiba na ang inilunsad ng BHB-NCOMR laban sa mga tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) mula Hulyo 28 hanggang Agosto 9. Mahigit 30 sundalo ang napatay at di bababa sa 20 ang nasugatan sa hanay ng AFP.

Noong Agosto 9, inatake ng BHB-NCOMR ang mga tropa ng 65th IB sa Sityo Kibulag, Barangay Bagoaingod, Tagoloan 2, sa hangganan ng Bukidnon at Lanao del Sur. Napatay ang isang sundalo habang nasugatan ang apat na iba pa. Bago nito, tinambangan ang mga tropa ng 8th IB sa Sityo Mahan-ao, Barangay Bulonay, Impasug-ong, Bukidnon. Tatlong sundalo ang napatay.

Isang sundalo ng 26th IB ang napatay at isa ang nasugatan nang tambangan sila ng BHB-Agusan del Sur sa Kilometro 30, Barangay Mahayahay, San Luis, Agusan del Sur

noong Agosto 5.

Sa Cagayan de Oro City, apat na sundalo ng 65th IB ang napatay at walo ang nasugatan sa taktikal na opensibang inilunsad ng BHB-Misamis Oriental noong Hulyo 30 sa Barangay Pigsagan-an.

Binigwasan ng BHB-Agusan del Norte noong Hulyo 28 ang mga tropa ng 23rd IB sa Sityo Hinandayan, Barangay Camagong sa Nasipit. Limang sundalo ang napatay at lima ang nasugatan.

Sa kabilang banda, binigyan ng pinakamataas na parangal ng rebolusyonaryong kilusan ang dalawang Pulang mandirigma na sina Jenos Bade (Ka Bebs) at Edmar Laruya (Ka Lenon), na magiting na nagbuwis sa kanilang buhay para sa ikatatagumpay ng nasabing armadong aksyon.

Sa Northern Samar, matagumpay na nakapaglunsad ng mga operasyon ang mga yunit ng BHB laban sa mga tropang militar na responsable sa pagpatay, pag-istraping sa mga sibilyan, at pagharas sa isang barangay kapitan.

Ayon sa ulat ng BHB-Northern Samar, hindi bababa sa apat na sundalo ng 20th IB ang napatay sa inilunsad na mga aksyong militar ng BHB.

Noong Agosto 11, hinaras ng mga Pulang mandirigma ang mga tropa ng 20th IB sa Gook, Catubig. Sa araw ding iyon, isang kasapi ng CAFGU ang nasugatan sa operasyong haras na inilunsad ng isang yunit ng BHB sa kanilang detachment sa Barangay Poponton, Las Navas. AB



Armadong paglaban sa todo-gera sa Bicol

MAHIGIT 20 KOORDINADONG aksyong militar ang inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bicol sa iba't ibang panig ng rehiyon noong Agosto 19-21. Tampok dito ang ambus sa mga myembro ng Philippine National Police sa Barangay Alegria, Pio V. Corpuz, Masbate kung saan pitong pulis ang sugatan. Naglunsad din ng operasyong haras sa mga kampo ng kaaway sa Sorsogon at Legazpi City.

Bago nito, 33 sundalo ang napatay at 21 iba pa ang nasugatan sa mga opensiba ng BHB-Bicol mula Marso-Hunyo ngayong taon. Sa bilang na ito, 15 ang napatay habang 12 ang nasugatan sa pwersa ng 2nd IB sa mga serye ng operasyong demolis na isinagawa ng BHB-Masbate noong Abril 29, Hunyo 2 at Hunyo 9 sa mga barangay ng Progreso at Cawayan, San Fernando, at sa Barangay Malinta, Masbate City.

Sa parehong prubinsya, dalawang operasyong haras ang isinagawa noong Mayo 22 sa Barangay Banahao, Dimasalang at sa Barangay Casabangan, Pio V. Corpuz. Hinaras din ang hedkwarters ng 2nd IB sa Barangay Bacolod, Milagros noong Hunyo 10 at sa Barangay Armenia, Uson noong Hunyo 12. Sa Barangay Daraga sa Placer, Masbate, sinunog ng BHB ang itinatayong detachment ng PNP Special Action Force sa parehong araw.

Sa Camarines Sur, siyam na tropa ng 22nd IB ang nasugatan sa magkasabay na ambus at operasyong haras ng mga yunit ng BHB-West Camarines Sur (Norben Gruta Command) sa detachment ng militar sa Sityo Dinumpilan, Barangay Malinao, Libmanan. Isang sundalo at tatlong elemento ng CAFGU ang nasugatan. Nilapatang paunang lunas ng mga medik ng BHB ang mga sumukong sugatan. AB

Desperadong pagsupil sa kabataan

Bagong desperadong tangka ng rehimeng Duterte, sa pamamagitan ng payaso nitong si Sen. Ronald "Bato" dela Rosa, na busalan ang mga estudyante nang magsagawa ito ng pagdinig sa Senado kaugnay sa diumanoy nawawalang menor-de-edad na mga aktibista.

Ginamit ni dela Rosa ang problemang pampamilya sa pagitan ng mga magulang at anak nilang aktibista para siraan ang progresibo at kritikal na tindig ng mga estudyante at kanilang mga organisasyon.

Nagmukhang tanga si dela Rosa nang humarap ang sinasabing "nawawalang" mga aktibista na sina Alicia Lucena ng Anakbayan at Lory Caalaman ng Kabataan Partylist, at pinasubalian ang kanyang mga pahayag. Anang mga aktibista, hindi sila nawawala, at hindi rin sila menor-de-edad. Nanindigan sila na huwag gamitin ng pulis at militar ang kanilang mga pamilya para siraan ang kanilang organisasyon at magsulong ng mga dagdag na anti-kabataang patakaran.

Tulad ng inaasahan, ginatungan ang palabas ng mga militaristang gamay ng rehimen at ginamit na sangkalan para bigyan-katwiran ang planong pag-amyenda sa Human Security Act, at bantang pagpapanumbalik ng batas sa anti-subersyon.

Ibinukas din ng Philippine National Police ang posibleng pagsasawalang-bisa o pagrepaso sa kasunduan sa pagitan ng mga pamantasan at Department of National Defense na nagbabawal sa presensyang militar o pulis sa loob ng mga unibersidad. Sa patuloy na pananakot, ipinatatawag ng Department of Justice ang mga lider ng progresi-

bong organisasyon sa bisa ng isang *subpoena*.

Ikalawa na ang tangkang ito sa desperadong pagpapatahimik sa mga kabataan. Noong Oktubre 2018, naglubid ang rehimen ng kwentong "Red October" o pag-uugnay ng progresibong kilusan ng kabataan sa armadong kilusan ng Bagong Hukbong Bayan. Layon nitong takutin at gawing ilegal ang mga lehitimo at kritikal na paninindigan ng mga kabataan. Niyuyurakan nito ang kalayaan sa pagpapahayag at pag-oorganisa ng mga kabataan.

Kabataan bilang pwersa ng pagbabago

Ang aktibismo at radikal na kaisipan ng mga kabataan ay pwersa para sa pagbabago, pagsulong, hustisyang panlipunan at demokrasya. Takot ang rehimeng Duterte sa nagkakaisang hanay ng mga kabataang kritikal sa kanyang rehimen.

Sa kasaysayan, ang mga kabataang aktibista ang pinakamatatag na lumaban sa diktadurang Marcos sa panahon ng batas militar. Nasa unahan sila ng makasaysayang Sigwa ng Unang Kwarto (1970), Diliman Commune (1971), mga aklasang mag-aaral noong katapusan ng dekada 1970 hanggang unang bahagi ng dekada 1980 laban sa pagtaas ng matrikula at pagbabalik ng mga karapatan sa kampus, at mga

"Desperado..." sundan sa pahina 5



"Desperado..." mula sa pahina 4

dambuhalang pagkilos noong 1983-1986 para sa pagpapatalsik sa dikta-durang US-Marcos.

Kabilang ang mga kabataan sa mga unibersidad sa pinakamasigasig na lumaban para lansagin ang mga base militar ng US at wakasan ang Military Bases Agreement noong 1991. Kabilang din sila sa pinakamalakas na tumutol sa pagsapi ng Pilipinas sa GATT noong 1994 at patakaran ng todong liberalisasyon at pribatisasyon ng ekonomya sa ilalim ng rehimeng Ramos. Mahigpit silang nakipagkaisa sa masang anakpawis sa pagtutol sa GATT-WTO nang magpulong ang mga lider ng mga bansa ng Asia-Pacific Economic Cooperation sa Pilipinas noong 1996.

Hindi maitatatawa ang kanilang malawakang paglahok sa pag-aalsa at pagpapatalsik sa rehimeng Es-

trada. Gayundin, malaking bilang ng kabataan ang lumahok at nanguna sa mga protestang kontra *pork barrel* na nagtapos sa Million People's March sa ilalim ng rehimeng Aquino noong 2013. Nagmarka rin ang kilusang protesta ng mga kabataan-estudyante laban sa mga kaltas sa pondo sa edukasyon.

Noong 2017, naitulak ang pagsasabatas sa libreng matrikula para sa mga pampublikong unibersidad at kolehiyo. Patuloy nilang iginigiit ang kalayaan sa akademya, kabilang ang karapatan sa pagkakaroon ng konseho at pahayagang pangkampus, karapatang mag-organisa at sumali sa mga organisasyon at karapatan sa malayang pagpapahayag at pamamahayag.

Nakikipagkaisa sila sa manggagawa at magsasaka sa mga welga, piket at mga komunidad. Patuloy si-

lang lumalaban para sa interes ng mamamayang Pilipino sa kabila ng mga pananakot at panggigipit ng rehimeng Duterte. Ilang kabataan na ang tinakot at ginipit. Ilang beses na ring sinampahan ng gawa-gawang kaso ang kanilang mga lider.

Hindi maikakaila ang paglahok ng mga estudyante at kabataan sa armadong rebolusyon. Mula sa Katipunan hanggang sa Bagong Hukbong Bayan, karamihan ng mga rebolusyonaryong kawal ng mamamayan ay mga kabataan. Marami sa mga rebolusyonaryong bayani ay nag-alay ng kanilang buhay sa edad ng kasigasigan ng kabataan. Maningning silang mga halimbawa ng walang pag-iimbot na pagsisilbi sa mamamayan. Binibigyan sila ng pinakamataas na pagpupugay ng buong rebolusyonaryong kilusan at mamamayan. **AB**

Tangkang militarisasyon sa mga kampus, nilabanan

Kailanman, hindi mapatatahimik ang mga kabataan. Patuloy nilang itataguyod ang bandila ng kalayaan sa pagpapahayag at pag-oorganisa. Sa harap ng sistematiko at patuloy na panggigipit ng rehimeng Duterte sa sektor, muli nilang ipinamalas ang pagkakaisa at paninindigan noong Agosto 20.

Libu-libong estudyante at kaniilang mga guro ang nagprotesta sa loob at labas ng mga unibersidad para tutulan ang banta ng militarisasyon sa mga kampus. Ito ay matapos ipahayag ng Philippine National Police ang panukala nitong ipawalambisa ang mga kasunduang nagbabawal sa presensya ng militar at pulis sa loob ng mga kampus. Batid ng mga akademikong komunidad na magreresulta ang presensya ng mga pwersang panseguridad ng estado sa malawakang paniniktik at panunupil sa mga mag-aaral, guro at kawani lalo na ang mga kritikal sa rehimen.

Ang totoo, matagal nang naglalabas-masok ang pulis at militar sa mga kampus sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ginagamit nilang tabing ang mga pagsasanay at kumperensyang pang-estudyante para libreng magsagawa ng mga operasyong saywar (na tinatawag na nito nga-

yong mga "operasyong pang-impormasyon") sa loob ng mga kampus. Labas pa ito sa ipinagpipilitang Reserve Officers' Training Corps, kung saan pana-panahon silang nag-aalok ng mga talakayan at pagsasanay. Maging ang mga paaralang sekundarya ay hindi ligtas sa kanilang panghihimasok.

Bilang pagkumenda, umabot sa 7,000 ang kumilos sa "UP Day of Walkout and Action" sa lahat ng yunit ng Unibersidad ng Pilipinas sa buong bansa. Sa pangunguna ng Upisina ng Rehente ng mga Mag-aaral at UP Rise against Tyranny and Dictatorship (UPRise), nagkaisa ang mga kabataan para ipagtanggol ang kalayaang pang-akademiko at karapatang mag-organisa. Nagkaisa ang mga upisyal, mga guro, kawani at mga organisasyon sa loob ng pamantasan.

Katulad na protesta rin ang inilunsad ng mga mag-aaral ng

Polytechnic University of the Philippines. Bilang pagsuporta, samasamang humarap sa masmidya noong Agosto 21 ang Alliance of Concerned Teachers at mga kilalang propesor mula sa Ateneo de Manila University, University of Santo Tomas, Far Eastern University, UP Diliman at UP Manila.

Para kontrahin ang banta, inihain ng bloke ng Makabayan ang House Resolution 223 sa Mababang Kapulungan noong Agosto 12 para kilalanin at suportahan ng reaksyonaryong estado ang Safe Schools Declaration. Ito ay deklarasyong binalangkas ng mga gubyerno sa iba't ibang dako ng mundo para sa pagbibigay ng proteksyon sa mga paaralan mula sa mga atake sa panahon ng armadong tunggalian.

Nilalaman din nito ang kahalagahan ng pagpapatuloy ng edukasyon sa panahon ng digmaan at implementasyon ng kongkretong hakbang para tutulan ang paggamit ng militar sa mga paaralan. Sa tala nitong Agosto 2019, mayroong 95 bansa na sumusuporta rito. Nabuo ang deklarasyon noong Mayo 2015 sa Oslo, Norway. **AB**


Katangian at layunin ng mga FMO ng AFP sa Bukidnon

Hindi bababa sa 13 serye o isa kada buwan, ang inilunsad ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na mga “focused military operation” (FMO o nakapokus na operasyong militar) sa prubinsya ng Bukidnon mula Marso 2018 hanggang Enero 2019.

Ito ang naging hugis ng pagsisi-kap ng AFP na kubkubin o palibutan at “gapiin” ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa prubinsya bago magtapos ang 2018. Kalagitnaan ng taon, noong Agosto 7, 2018, idineklara na nitong “conflict manageable” ang prubinsya at handa na para “tayuan ng mga proyekto.”

Mga batalyon ng 403rd IBde, isa sa mga brigadang nakapailalim sa 4th ID, ang humahalihaw sa kabundukan ng prubinsya. Erya ng operasyon ng limang batalyon (8th IB, 88th IB, 1st Special Forces Battalion, 65th IB at 58th IB) ang gitna, kanlurang bahagi at ang mga hangganan ng prubinsya sa Misamis Oriental at Agusan del Sur, gayundin ang hangganan nito sa Lanao del Sur. Ang kanilang mga operasyon ay sinusuhayan ng 43rd Division Reconnaissance Company ng 4th ID. Sa simula ng 2019, inianunsyo ng 1003rd IBde ng 10th ID na muli nilang isasailalim sa kanilang mga operasyon ang mga baryo at komunidad ng Bukidnon sa hangganan ng Davao, bagaman noon pang 2017 ay may naiulat nang mga operasyong kombat ang 89th IB at 16th IB sa naturang lugar.

Gayundin, ginawang lugar-pagsasanay ng mga bagong gradweyt na Scout Ranger, Special Forces at mga elemento ng CAFGU ang prubinsya, partikular ang kabundukan ng Pantaron na tumatawid sa anim na prubinsya (Misamis Oriental, Bukidnon, Agusan del Sur, Agusan del Norte, Davao del Norte at Davao del Sur) at nagsisilbing



gulugod ng Mindanao.

Katangian ng mga operasyon

Tumatagal ang isang FMO nang anim na araw hanggang dalawang linggo. Inilulunsad ito matapos ang mahaba-habang panahon ng mga operasyong paniktik, saywar at mga Community Operations for Peace and Development (COPD) sa mga barangay. Ang pangunahing operasyong pangkombat na kinasasangkutan ng 150-400 tropang militar ay ikinukumpas sa antas-brigada hanggang antas-dibisyon.

Sa mga maniobrang kombat, estilo ng mga tropa ang pagsasanib ng mga kolum mula sa iba't ibang erya upang magtimbangang sa isa't isa. Sa isang FMO noong Disyembre 2018, di bababa sa 20 kolum ang pinakilos. Nanggagaling sa di inasahang lugar ang *staging point* ng mayor na pwersa (may layong ilang araw na lakaran sa mahirap na terreyn). Tinatahak nila ang tinatayang mga lugar na paborable sa BHB. Maaaring umabot sa isa hanggang dalawang linggo ang “pagtatago” ng mga kolum ng AFP habang kinukubkob nito ang target na erya.

Isang halimbawa ang kampanyang kubkob ng AFP sa mga hangganan ng Bukidnon, Misamis

Oriental at Agusan del Sur. Umaabot sa 400 tropa ang humalihaw sa kagubatan sa pagitan ng dalawang barangay (Barangay Minalwang ng Claveria, Misamis Oriental at Barangay Hagpa ng Impasug-ong, Bukidnon) sa loob ng dalawang linggo. Bago ito, ilang linggo nang naglalakad ang malaking bahagi ng tropang panagupa na nanggaling sa Barangay Salog sa Esperanza, Agusan del Sur.

Sa antas-brigadang operasyon, tatlo hanggang apat na kolum na laking-seksyon (150 tropa) ang itinatambak sa target na erya. Sa antas-dibisyon, kung saan maaaring nagsisimula sa labas ng prubinsya ang operasyon, limang kolum na may dalawa hanggang tatlong seksyon ang itinatambak ng militar. Bawat kolum ay pinamumunuan ng isang tanyente.

Bago ang aktwal na pagdumog, pinakikilos ng AFP ang kanilang mga espiya para pasukin ang target na mga baryo. Madalas silang magpanggap na naglalako ng kung anuanong produkto. Pinakikilos din ng AFP ang mga paramilitar nito para maghanap ng mga bakas at iba pang palatandaan sa gubat. Ginagamit nilang batayan ang mga datos na nakukuha nila mula sa mga nahuli

na Pulang mandirigma para makuha ang lokasyon ng mga taktikal na base o kampuhan ng mga yunit ng BHB.

Bahagi ng operasyon ang ilang ulit na pagpapalipad ng mga eroplano pang-sarbeylans at *drone* ilang linggo bago at sa kasagsagan ng aktwal na operasyong kombatan. Naiulat ang paggamit ng isang maliit na eroplanong may piloto (Cessna), dalawang klase ng *medium-altitude* (katamtaman o 9-10 kilometrong taas ang lipad) na *drone* na kulay puti (kahugis ng Reaper at Predator ng US) at mas maliliit pang *drone* (kahugis ng ScanEagle). Pina-niniwalaang ang tipong-Reaper na *drone* ay pagmamay-ari at direktang pinalilipad ng militar ng US na nasa bansa.

Sa mga lugar na mahirap abutin ng mga sundalong pangkati, suportado ang mga operasyon ng mga bomba at bala mula sa ere ng dalawang klase ng pang-atakeng helikopter (MG-520 at AugustaWestland 109E) mula sa Tactical Operations Wing (Group 10) ng Eastern Mindanao Command na nakabase sa Cagayan de Oro. Ginagamit din ang mga helikopter na UH-1H (Huey) para sa suplay ng pagkain, gamot at dagdag na tropa. Sa panahon ng mga sagupaan, sinusupportahan ang mga tropang pangkati ng artileri mula sa mga kanyon at 105mm howitser.

Sa mga operasyong ito, ginagamit ng mga tropang militar ang radyong Harris para sa komunikasyong *encrypted*. Mahigpit ang koordinasyon ng mga sundalo sa antas ng platoon hanggang sa seksyon. Ang kanilang mga taktikal na sentrong pang-operasyon (na inilalatag sa kapatagan ng mga baryo pero minsa'y inilalatag din sa matataas na tereyn para magsilbing posteng pang-observer) ay nagsisilbing mga istasyong medikal kung saan nilalapat ng paunang lunas ang kanilang mga sugatan. Sa kampanya nito noong Disyembre, halimbawa, naghawan ng lapagan ng helikopter ang sentro ng operasyon na naka-

patong sa pinakamataas na tereyn sa kinubkob na lugar.

Milyun-milyong gastos

Kung kukwentahin, hindi bababa sa P10 milyon kada dalawang linggo ang ginagastos ng AFP para sa tropa at mga bala ng baril at kanyon pa lamang sa kada FMO na inilunsad nito sa prubinsya. Hindi kabilang rito ang gamit ng mga sundalo, tulad ng riple at masinggan, teleskopyo, radyo, bakpak, kasuotan at bota. Hindi rin kasali ang gamit pang-operasyon tulad ng radyong pangbase, *generator*, *tool kit* at iba pa. Wala rin dito ang mga gamit-medikal, gamot at ambulansya at gastos sa transportasyon gamit ang mga siksabay (hindi bababa sa 20 kada FMO).

Hindi bababa sa P3 milyon ang nagagastos ng AFP sa bala pa lamang sa isang operasyon. Ang bawat bala ng ripleng M16 at M14 ay nagkakahalaga ng P25, habang P35 naman ang bawat bala ng Squad Automatic Weapon. Sa isang kampanyang kubkob noong 2018, umaabot sa 13 ang serye ng mga engkwentro (sa parehong opensiba at dependsiba) sa pagitan ng BHB at ng AFP. Ang bawat bala ng *mortar* naman ay nagkakahalaga ng P10,000.

Milyun-milyon din ang gastos kada pagpapalipad ng helikopter at pagpapakawala ng mga *rocket* at bala mula dito, na karaniwang tumatama sa mga sakahan ng maliliit na magsasaka at kagubatang nakapaligid dito. Batay sa mga ulat ng US Air Force noong 2013, umaabot sa \$13,634 (P681,700 sa palitang P50=\$1) ang gastos sa kada oras na pagpapalipad ng isang Huey. Ang gastos naman sa isang oras na paglipad ng *medium-altitude drone* (lumilipad na may taas na 9-10 kilometro) ay tinatayang \$3,624-\$4,762 (o P181,200 hanggang P238,100). Hindi bababa sa 82 katao ang kinakailangan para sa pagpapalipad at pagsusuri ng mga datos na nakakalap ng naturang mga *drone*. Ang *rocket* naman na pinapuputok ng mga pang-atakeng helikopter ay nagkakahalaga nang

mula P1,500 (Warhead M151) tungong P3,500 (Warhead M282) kada isa. (Nota: Ang MG-520 ay maaaring magpakawala ng pitong *rocket* sa isang serye ng pambo-bomba.)

Dagdag pa rito ang gastos para sa paghahatid ng suplay na pagkain, suportang medikal at ebakwasyon ng mga patay at sugatang sundalo, pagtatayo ng sentrong pangkumand at marami pang iba.

Dumog para sa mga “proyektong pangkaunlaran”

Isinasagawa ang kampanyang kubkob sa mga kabundukan ng Bukidnon na may nakatakdang proyektong imprastruktura tulad ng malalaking *dam*, plantang pang-enerhiya at sa lugar na planong lantagan ng komersyal na mga plantasyon. Layunin nitong “linisin” ang lugar ng presensya ng BHB para madaling pasukin ang erya at palayasin ang mga nakatira rito. Ang mga erya na ito ay mga lupang agrikultural at lupang ninuno na kinatitirikan ng mga komunidad ng mga Lumad.

Noong Marso 2019, pinasina-yaan ng AFP, katuwang ang Cabinet Officer for Regional Development and Security para sa Region 10 na si Martin Andanar, ang Convergence Areas for Peace and Development (CAPDev) sa Iba, Cabanglasan. Alinsunod ang programang ito sa “whole-of-nation approach” na ipinamamarali ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict. Pamamahalaan ng Mindanao PeaceDev Coordinating Group ang CAPDev, isang grupong pinaghaharian ng mga upisyal ng 1st, 4th at 10th ID at ng 403rd Brigade at 2nd Mechanized Infantry Brigade, kasama ang mga rehiyunal na upisina ng Philippine National Police, Department of Interior and Local Government, at National Economic and Development Authority.

Saklaw ng CAPDev ang sumusunod na kabundukan sa prubinsya: Mt. Saldab at kapatagan ng Kalabugao sa Impasug-ong, Pantaron

Range at Umayam Complex sa Cabanglasan at San Fernando, Kitanglad sa Sumilao at Baungon, Kalatungan sa pagitan ng Talakag at Pangantucan at kapatagan ng West Bukidnon. Ang mga lugar na ito ay matagal nang target na pagtayaran ng mga proyektong pang-enerhiya at komersyal na plantasyon ng malalaking burgesyakumprador at kanilang mga kasyong dayuhan.

Noong 2018, hindi bababa sa 41 plantang pang-enerhiya, karamihan sa malalaking ilog (*hydro*) ang naiulat na pinaplano, pinauunlad o di kaya'y aktwal nang gumagana sa prubinsya. Pinakamalaki rito ang planong itayo na Pulangi Dam V (250MW) sa Kitaotao. Tinatayang ilulubog nito ang 40,000 ektarya na mga lupang ninuno, agrikultural at kagubatan sa hangganan ng Bukidnon at North Cotabato. Kabilang din sa mga proyektong ito ang dalawang plantang *hydropower* sa ilog ng Tagaloan sa Santiago, Manolo Fortich na pinagagana ng Hedcor Bukidnon ng burgesyakumprador na pamilyang Aboitiz.

Ang kapatagan ng Kalabugao, sa partikular, ay matagal nang inilalako ng reaksyunaryong estado sa dayuhang mga debeloper para sa ekspansyon ng kanilang mga komersyal na plantasyon. Nasa Bukidnon ang malalaking plantasyon ng pinya at saging ng Del Monte, Davco at Dole. Saklaw ng mga plantasyong ito ang mga komunidad sa Manolo Fortich, Sumilao, Impasug-ong, Libona, Lantapan, Maragat at Quezon. Target ng kumpanyang Del Monte na palawakin pa ang plantasyon nito sa Talakag.

Gayundin, sinaklaw ng mapanlinlang na programang National Greening Program ang kabundukan ng Pantaron, Kitanglad at Kalatungan. Matagal nang ibinukas ng estado ang mga kagubatan dito sa mga korporasyong mina at troso.

Nakatakda ring buhan ang prubinsya ng milyun-milyong pisong pondo para sa mga proyektong imprastruktura. Kabilang dito ang

Mga opensiba laban sa FMO sa Bukidnon

SA NAIULAT SA *Ang Bayan*, 30 armadong aksyon ang nailunsad ng Bagong Hukbong Bayan-North Central Mindanao Region (BHB-NCMR) sa Bukidnon sa panahon ng mga nakapokus na operasyong militar ng AFP (Marso 2018-Enero 2019). Dalawampu sa mga ito ay direktang patama at bigwas sa mga tropa ng FMO.

Pinakamasinsin dito ang 14 na armadong aksyon (13 opensiba, isang dependsiba) na inilunsad ng BHB noong Disyembre 2018 laban sa FMO sa hangganan ng Bukidnon, Agusan del Sur at Misamis Oriental. Inulat ng mga yunit ng BHB ang 17 patay at dalawang sugatan sa mga sundalo.

Apat na armadong aksyon naman ang inilunsad ng BHB bilang patama sa higit 300 nag-ooperasyong sundalo sa magkakalapit na lugar sa Malaybalay City, Impasug-ong at bahagi ng Manolo Fortich noong Agosto 2018. Isang sundalo ang napatay habang isa ang nasugatan. Tumagal ang operasyon ng 1st Special Forces Battalion, 8th IB at 43rd Division Reconnaissance Company mula Agosto 8-20 sa tangkang gapiin ang isang yunit ng BHB.

Sa unang araw ng operasyong dumog ng 8th IB noong Hulyo 19, 2018, inambus ng mga Pulang mandirigma ang mga sundalo sa Barangay Busdi, Malaybalay City. Samantala, sa huling araw ng FMO ng 12th Scout Ranger Company sa Barangay Lumintao, Quezon noong Hulyo 2018, pinaputukan ng BHB ang mga sundalo. Pito sa mga tropa nito ang napatay at anim ang nasugatan.

Sa kabuuan, mahigit dalawang platoon ang naidulot ng BHB na kasawati sa hanay ng AFP. Umabot sa 40 ang patay sa mga sundalo at 16 ang nasugatan. Nakapagsagawa rin ang BHB ng isang aksyong pamarusa sa Dole Philippines noong Enero 2019.

Hindi sagka ang mga nakapokus at dumog na operasyon ng mga sundalo para malimita ang mga armadong aksyon ng BHB. Kinakailangan ang mahusay na paniktik at pagpapalano para bigwasan ang mga pwersa ng kaaway sa isang takdang panahon.

paliparan sa Don Carlos na wawasak sa daan-daang ektaryang palayan. Tatawid din sa prubinsya ang Mindanao Road Sector Project na tumama na sa mga sakahan at nagpalayas sa daan-daang mga magsasaka sa kanilang lupa. Nagkakahalaga ang proyektong ito ng P25.3 bilyon, na kalakhan ay uutangin sa Asian Development Bank.

Ang mga daan at tulay na itatayo ay hindi para paunlarin ang buhay at kabuhayan ng ordinaryong mamamayan kundi para pabilisin ang transportasyon ng mga produkto mula sa prubinsya tungo sa mga daungan at pabrika. Halimbawa nito ang bagong daan sa Alae, Manolo Fortich na may layuning pabilisin ang transportasyon ng mga produkto ng mga komersyal na plantasyon mula

Bukidnon patungong Mindanao Container Terminal (MCT) sa Tagoloan, Misamis Oriental. Samantala, dalawang proyektong daan—ang Laak-San Fernando at Mactan-Miaray—ang aktibong nilalabanan ng mga Lumad dahil sinasagasaan nito ang kanilang mga komunidad.

Ang mga kabundukan ng Bukidnon ay hindi lamang lupang ninuno ng mga tribu nito at pinagkukunan ng kanilang kabuhayan. Dito nagmumula ang dalawang malalaking ilog (Pulangi at Tagoloan) na nagsusuplay ng tubig at irigasyon sa buong prubinsya. Nagsisilbi ring *watershed* ang mga ito ng buong Mindanao at nagsusuplay ng 25% sa pangangailangang enerhiya sa buong isla.

AB

Pagyurak sa mga karapatang-tao sa Bukidnon

Habang nasa sentro ang Bukidnon ng mga operasyong pagdumog ng militar, pahaba nang pahaba ang listahan ng mga krimen ng AFP laban sa mamamayan dito. Noong 2018, hindi bababa sa lima ang pinaslang at marami pa ang iligal na inaresto na mga sibilyan. Nitong taon, 13 na ang pinaslang habang daan-daang baryo ang hinahalihaw ng mga sundalo.

Pinakahuli sa naitala ang pagpaslang sa magsasakang Lumad na si Jeffrey Bayot noong Agosto 11 sa Barangay Bongbungon, Quezon habang pauwi sa kanilang tahanan.

Dalawang araw bago ito, pinagbabaril ng dalawang nakasuot-sibilyang tropa ng 88th IB sina Alex Lacay at Renard Burgos sa Sityo Pag-asa, Barangay Salawagan, Quezon. Agad na napatay si Lacay habang nakatakas si Burgos. Kasapi ang dalawang magsasaka ng Kaugalingaong Sistema Igpasindog to Lumadnong Ogpaan (Kasilo), ang grupong Lumad na naninindigan para sa lupang ninuno.

Ilan pa sa mga pinaslang ay sina Guillermo Casas, Liovogildo Palma at Joel Anino sa San Fernando. Napaslang naman si Datu Kaylo Bontulan sa pambobomba ng AFP sa Kitaotao.

Noong Hulyo, pinagbabaril si Datu Mario Agsab sa kanyang tahanan sa Sityo Mainaga, Barangay Iba, Cabanglasan. Kinilala ang mga suspek na sina Sammy Diwangan, kasapi ng Alamara at Emboy Gayao, isang CAFGU na hawak ng 8th IB. Si Agsab ay kasapi ng Pigyayungaan, isang organisasyong Lumad.

Pandarahas at pamimilit

Tuluy-tuloy rin ang pandarahas at pagpapakalat ng malisyosong propaganda ng rehimeng Duterte laban sa mamamayan at mga nagtataguyod ng karapatang-tao.

Nitong Agosto 8 at 9 nagtungo ang mga kasapi ng PNP sa paaralan ng anak ni Kristin Lim sa Manolo Fortich. Hinahanap nila si Lim sa mga magulang na nag-aantay sa kanilang mga anak sa labas ng paaralan. Bago nito, sinalakay ng 1st Special Forces Battalion ang taha-

nan ni Lim sa Barangay Damilag, Manolo Fortich. Si Lim ay dating tagapamahala ng Radyo Lumad.

Naglunsad din ng anti-komunistang porum ang mga elemento ng 1st SFB sa *barangay hall* ng Damilag noong Agosto 7. Bago ang aktibidad nag-ikot ang mga sundalo sa komunidad at nag-a-nunsyo na napasok na diumano ng komunismo ang kanilang erya.

Noong Agosto 2-4 tinipon ng AFP ang mga kabataan mula sa Quezon sa tabing ng Youth Leadership Summit upang siraan ang rebolusyonaryong kilusan. Naglunsad ito ng kaparehong aktibidad sa loob ng Bukidnon State University noong pasukan.

Persona-non-grata at militarisasyon

Iba't ibang barangay sa Quezon ang sapilitang pinagdeklara ng "persona-non-grata" laban sa BHB. May mahigit 300 sibilyan din na umano'y kasapi ng mga organisasyong rebolusyonaryo ang pinasurender bilang tagasuporta ng BHB.

Pinasumpa naman ng katapatan ang mga residente ng Barangay Merangeran sa Quezon, sa mga barangay ng Lumbayao, Banlag, at Dagat Kidavao sa Valencia City noong Hulyo 28.

Samantala, noong Hunyo 22, 30 pamilya ng Barangay Tugaya, Va-

lencia City ang nagbakwit sa kanilang *barangay hall* matapos mag-istraping ang tropa ng 403rd IBde sa kanilang komunidad. Noong Marso, dinumog ng 1,600 sundalo mula sa 60th IB, 56th IB, 57th IB, 58th IB, 88th IB, Scout Rangers at 43rd Division Reconnaissance Company ang Cabanglasan at San Fernando. Bago nito, binomba, kinanyon at inistraping ng AFP ang nasabing komunidad.

Noong Pebrero 2019, ipinagya-yabang ng AFP na mayroon na umanong 27 barangay sa prubinsya na nagdeklarang "persona-non-grata" ang BHB. Mula 2017 hanggang 2018, umabot na sa 295 ang mga sibilyang pinilit nilang "sumu-render" bilang tasuporta o kasapi ng BHB.

Tuluy-tuloy ang okupasyon ng mga sundalo sa mga sibilyang imprastruktura sa loob ng mga komunidad. Mula Marso hanggang sa kasalukuyan, nakakampo ang mga elemento ng 8th IB sa Barangay Bontongon sa Impasug-ong at sa mga barangay ng Manalog at Kibabalag sa Malaybalay City.

Nitong Agosto, sinalakay ng mga pwersa ng 8th IB ang Sityo Bendum, Brgy. Busdi ng parehong syudad.

Bukod dito, nakapagtala rin ang mga grupo ng karapatang-tao ng pitong kaso ng iligal na pag-aresto nitong taon. Tampok dito ang pagdakip ng 88th IB sa dalawang menor-de-edad sa Sityo Sanggiapo, Barangay Sinuda, Kitaotao noong Pebrero 18.



200 pamilya, nagbakwit sa Caramoan

Mahigit 200 pamilya mula sa Barangay Lidong, Caramoan, Camarines Sur ang nagbakwit matapos paulanan ng bala at bomba ng Philippine Air Force ang kanilang komunidad noong Agosto 13.

Para bigyang-katwiran ang pang-aatake, pinalabas ng mga pamilya na may naganap na engkwentro sa pagitan ng 83rd IB at mga Pulang mandirigma sa lugar, bagay na pinasinungalingan ni Ka Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng National Democratic Front-Bicol.

Iniulat naman noong Agosto 14 na umaabot na sa 18 magsasaka ang napalayas mula sa mga bayan ng Lopez, Macalelon, Catanauan at Agdangan sa prubinsya ng Quezon. Ang mga magsasaka ay nananawagan ng pagtataas sa presyo ng kopra at buong niyog na kanilang ibinebenta. Ipinatawag sila sa kampo ng militar at pwersahang “pinasusurender” bilang mga myembro ng BHB.

Mahigit 100 sundalo naman ng 26th IB ang nagkampo sa mga kabahayan, klinika at gilingan ng mais sa komunidad ng mga Lumad sa Sityo Simowao, Diatagon, Lianga, Surigao del Sur noong Agosto 16. Tinutulan ng mga residente ang pagkakampo dahil sa ligalig na dala ng mga sundalo. Perwisyo rin ang mga ito sa kanilang anihan. Nag-ulat naman ang mga Lumad mula sa Tubod, Bolhoon, San Miguel na inokupa rin ng militar ang kanilang komunidad mula pa Agosto 17.


Muling pinasok ng mga elemen-

to ng 20th IB ang Barangay Capotoan sa bayan ng Las Navas, Northern Samar noong Agosto 12. Inihwalay ng mga sundalo ang 143 kalalakihan at kababaihan sa kanilang mga anak.

Ininteroga ang mga residente at pinagbantaang papatayin. Pitong sibilyan ang iligal na idinetine nang ilang oras at hiwalay na ininteroga at pinagbantaan. Hanggang sa kasalukuyan ay nakakampo pa rin ang mga sundalo sa mga sibilyang imprastruktura sa komunidad.

Pagdukot sa Samar. Dinukot ng mga elemento ng 43rd IB si Nario Lagrimas, magsasaka mula sa E. Duran, Bobon, Northern Samar, kasama ng isa pa, noong Agosto 8. Matapos ang ilang oras, pinakawalan ang kasama ni Lagrimas. Hanggang sa kasalukuyan, hindi pa siya inililitaw.

Pandarahas sa Mindanao. Hinanap ng mga lalaking armado ng matataas na kalibreng riple si Pedro Arnado, pambansang upisyal ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, sa kanyang bahay sa Davao



City noong Agosto 20.

Pinuntahan naman ng dalawang nakasibilyang elemento ng 1st SFB ang bahay ni Francisco "Iko" Pagayaman, 63, sa Barangay Carmen, Cagayan de Oro City noong Agosto 16. Si Pagayaman ang tagapangulo ng Kadamay-North Mindanao.

Iligal na detensyon. Hindi pa rin pinalalaya ang mag-asawang istap ng NDFP *negotiating panel* na sina Alexander at Winona Birondo kahit pa ibinasura na noong Hulyo 30 ang gawa-gawang kasong *illegal possession of firearms and explosives* na isinampa sa kanila. Inaresto sila ng pulisya nang walang mandamyento noong Hulyo 23 sa Barangay Maribio, San Francisco del Monte, Quezon City at idinetine sa Camp Caringal. Parehong may *diabetes* ang mag-asawa. **AB**

Gina Lopez, pumanaw na

“ISANG TUNAY NA kaibigan ng mamamayang Pilipino” ang turing ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) kay Regina “Gina” Lopez. Ito ang pahayag ng PKP sa sulat pakikidalamhati nito sa kanyang pamilya at mga kaibigan. Pumanaw si Lopez sa edad na 65 noong Agosto 19 sa sakit na kanser.

Naging kalihim si Lopez ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) mula 2016 hanggang 2017. Sa maikling panahon niya sa DENR, ibinuho niya ang lahat para ipagtanggol ang kapaligiran at

mamamayang umaasa ng kabuhayan dito. Kasama siya sa pakikibaka laban sa operasyon ng malalaking kumpanya sa pagmimina at pagtotroso na dumadambong sa mga kabundukan, lumalason sa mga ilog at sumisira ng

kalupaan. Tahasan niyang ipinagbawal ang *open-pit mining* at sinuspinde ang lisensya para mag-opereyt ng maraming kumpanya.

Matapos tanggalin si Lopez sa pwesto, agad ding pinayagan ni Duterte ang nabimbing operasyon sa pagmimina at pagtotroso, at ipinawalambisa ang mga kautusang nagtatanggol sa kalikasan at sa mamamayan. **AB**

Piketlayn sa Pepmaco, marahas na binuwag

SA IKALAWANG PAGKAKATAON, marahas na binuwag ng mga pulis ang piketlayn ng mga manggagawa ng Pepmaco sa Calamba, Laguna noong Agosto 19, alas 11:30 ng umaga. Labing walong manggagawa ang arbitraryong inaresto at ikinulong kabilang ang anim na babae.

Naganap ang dispersal habang nasa tanggapan ng National Conciliation and Mediation Board ang mga upisyal ng Pepmaco Workers' Union upang igiit sa negosasyon ang kahilingang regularisasyon para sa mga manggagawa.

Ang pag-aresto ay labag sa Department of Justice Memorandum Circular 016 na nagsasaad na hindi maaaring basta-bastang kasuhan ang mga manggagawang nakawelga.

Una nang naganap ang marahas na dispersal noong Hunyo 28 kung saan 12 manggagawa ang nasugatan. Inilunsad ng mga manggagawa ang kanilang welga noon pang Hunyo 4.

Pinalaya rin noong Agosto 20 ang 18 manggagawa nang wala ni isang kasing naisampa laban sa kanila. Sa kabila ng pandarahas ng Pepmaco, matibay pa rin ang loob ng mga manggagawa na muling itayo ang piketlayn. Nakatigil sa trabaho ang mga manggagawa para igiit ang kanilang regularisasyon at kaligtasan sa trabaho.

AB

FFM sa Isabela

ISANG *fact-finding mission* (FFM) ang inilunsad noong Agosto 8-10 sa San Mariano, Isabela matapos maiulat ang pagtindi ng mga paglabag sa karapatang-*tao* sa prubinsya. Pinangunahan ng grupong Karapatan ang FFM.

Natuklasan sa imbestigasyon na aabot na sa limang kumpanya ng mga sundalo ang ipinakat ng 95th at 86th IB sa 15 barangay ng San Mariano, at apat sa Iligan City. Sa tabing ng paglulunsad ng mga "programang pangkakanunlaran," pinatindi ng militar ang mga operasyon at paniniktik nito sa lugar. Nakapagtala rito ng mga kaso ng pambabastos, pagkakampo sa mga sibilyang imprastruktura, walang patumanggang pamamaril, iligal na pang-aresto at detensyon.

Pinakamatindi sa mga ito ang pag-istraping ng 95th IB sa bahay ng isang lider magsasaka sa Sityo Disiguit, Gangalan, San Mariano noong Hulyo. Nasa loob ng bahay ang kanyang asawa, dalawang anak at dalawang-taong gulang na apo nang maganap ang insidente.

P113.7M-halaga ng mga libro, nakatambak sa DepEd

KINUNDENA NG ACT Teachers Partylist ang Department of Education matapos matuklasan na hindi pa nito naipamamahagi sa mga mag-aaral ang mahigit P113.7-milyong halaga ng mga aklat pang-eskwela. Binatikos din ng grupo ang maanomalyang P254-milyon halaga ng mga kontratang pinasok nito sa pagbili ng mga aklat na mali-mali ang nilalaman.

"Paulit-ulit na sinasabihan ang mga guro na magtipid tuwing sila ay mananawagan ng dagdag na sahod, subalit mismong ang ahensya sa edukasyon ang naglulustay ng pondo," ani France Castro, kinatawan ng grupo. Iniulat ng mga guro na gumagastos sila mula sa kanilang mga bulsa para mabigyan ng kopya ng mga aralin ang kanilang mga mag-aaral.

Masahol pa, patuloy na binabawasan ng rehimeng Duterte ang pondo para sa mga aklat at iba pang gamit sa pagtuturo. Bumaba mula P3.04 bilyon noong 2017, tungong P2.99 bilyon noong 2018 at P1.84 bilyon ngayong taon ang badyet para rito.

3 patay, daan-daan iligal na idinetine ng PNP sa Baseco

SA UTOS NG meyor ng Maynila na si Isko Moreno na linisin ang Baseco Compound na pugad umano ng droga, sinalakay ng daan-daang pulis ang lugar noong Agosto 11.

Ang Baseco ay maralitang komunidad na matatagpuan sa kahabaan ng Manila Bay. Noong Marso pa target na palayasin ang libu-libong residente nito upang ipatupad ang reklamasyon ng Manila Bay na saklaw ang 200 ektarya ng Baseco.

Gamit ang huwad na kampanyang "kontra-droga," pwersahang tinipon ng PNP sa tabing-dagat ang 700-1,000 residente ng Baseco. Di bababa sa 21 ang inaresto habang tatlo ang napatay matapos umanong "manlaban."

Ito rin ang ginawa sa Antipolo City noong madaling araw ng Agosto 11. Tinipon ng mga pulis at sundalo ng 2nd ID ang 80 indibidwal sa *covered court* ng Sityo Tanglaw, Barangay San Isidro na kabilang umano sa listahan ng kanilang minamanmanan. Pina-dapa sila, tinutukan ng baril at pinilit na magpa-*drug test*. Hinanghug din ang kabahayan ng mga residente at kinumpiska ang kanilang mga selpon nang walang mandamyento.

Umani ng pagbatikos ang labis na pag-abuso sa kapangyarihan ng PNP at AFP sa kanilang mga "kontra-drogang" operasyon. Ayon sa Karapatan, ang ganitong mga hakbangin ay dumudulo lamang sa pagpapatuloy ng madugong "gera kontra-droga" ng rehimen at walang patumanggang paglabag sa karapatang-*tao*.

Mula Hulyo 2016 hanggang Mayo 2019, mahigit 6,600 na ang naitalang pinatay ng PNP habang mahigit 27,000 naman ang mga kaso ng pagpatay na pinani-niwalaang kagagawan ng mga *death squad* sa huwad na gera kontra-droga.

AB

Araw ng Pagluluksa para sa Negros

INILUNSAD NG Defend Negros #StopTheAttacks Network ang "Pambansang Araw ng Pagluluksa at Protesta" noong Agosto 20 upang kundenahin ang malawakang pamamaslang at iba pang mga pang-aatake sa mga sibilyan sa Negros.

Pinangunahan nito ang mga pagkilos ng daan-daang indibidwal sa iba't ibang bahagi ng bansa kabilang ang Metro Manila, Albay, Camarines Sur, Camarines Norte, Sorsogon, Masbate, Laguna, Iloilo, Dumaguete, Cebu, Bacolod at sa isla ng Negros. Naglunsad din ng katulad na mga protesta sa US, Australia at Hongkong upang makiisa sa panawagang itigil na ang pamamaslang.

Umaabot na sa 226 magsasaka ang pinaslang ng mga pwersa ng estado mula nang maupo si Duterte sa poder—90 sa kanila ay mula sa isla ng Negros. Pinakahuli sa mga biktima si Joshua Philip Partosa, 20, estudyante ng Grade 11 sa Bolocboloc

High School na pinaslang ng apat na kalalakihan noong Agosto 15.

Papasok noon si Partosa kasama ang dalawa niyang kapatid sa eskwelahan sa Purok 2, Barangay Bolocboloc, Sibulan, Negros Oriental nang paulanan sila ng bala ng mga salarin. Malapitan siyang binaril nang tatlong beses at sinaksak sa leeg. Ayon sa mga pulis, sangkot umano si Partosa sa mga kaso ng pananaksak sa Dumaguete, bagay na mariing pinasinungalingan ng kanyang ama. Sa parehong araw, pinaslang din si Fernando Toreno, dating konsehal ng Barangay Kumaliskis, Don Salvador Benedicto, Negros Occidental. **AB**

Dengvaxia, pinaburan ni Duterte

MATAPOS MAGDEKLARA ANG Department of Health (DOH) noong Agosto 6 na mayroong epidemya ng *dengue*, agad na itinulak ni Rodrigo Duterte ang muling pagpapabakuna ng kabataan ng Dengvaxia. Sa kabila ito ng maanomalyang programa sa pagbabakuna na pinaniniwalaang pumatay sa 'di bababa sa 26 Pilipinong bata mula Abril 2016-Pebrero 2018.

Tinutulan ng mga duktor at grupo ng manggagawang pangkalusugan ang panibagong tulak ng pagpapabakuna. Anila, dapat unahin ang mga hakbang na pampigil sa pagkalat ng *dengue*. Hindi masasawata ng pagbabakuna ang kasalukuyang epidemya dahil ilang taon pa bago ito magkaka-bisa.

Dagdag pa nila, magiging epektibo lamang ang kampanya kontra-*dengue* kung bibigyang prayoridad ng mga lokal na guberno ang pagpapatupad ng nailatag nang mga hakbang. Mahalaga rin ang badyet para sa serbisyong pangkalusugan tulad ng sahod ng mga manggagawang pangkalusugan sa antas-barangay at mga duktor sa komunidad na umaabot sa malalayo at mahihirap na komunidad.

Nitong ikalawang linggo ng

Agosto, nagtala ang Pilipinas bilang may pinakamaraming kaso ng *dengue* sa Southeast Asia. May 620 pasyente na ang namatay sa sakit, na maaari sanang napigilan dahil Enero pa lamang ay iniulat na ang pagdami ng mga nagkakasakit. Lubhang huli na nang mag-anunsyo ang DOH ng mga hakbang sa pag-sawata dito.

Una nang tinutulan ng mga manggagawa sa kalusugan at duktor ang pagbakuna ng Dengvaxia dahil nasa yugto pa lamang ito ng pagsusuri. Wala pang napapanagot sa anomalyang ito. Mahigit 870,000 kabataan ang pinag-eksperimentuhan ng kumpanyang Sanofi Pasteur, na may kriminal na rekord ng panunuhol sa mga duktor at guberno, at paglabag sa mga makataong pamantayan para mailusot ang kaniyang pinaunlad na mga gamot. **AB**

Bagong pasilidad para sa militar ng US

PINAHIGPIT NG US ang kontrol nito sa militar at pulis ng Pilipinas matapos pagkasunduan ang pagtatayo sa bansa ng pasilidad para sa "gera kontra-terorismo."

Nitong Agosto 15, pinirmahan nina US Embassy Deputy Chief of Mission John Law at Philippine National Police (PNP) Director General Oscar Albayalde ang kasunduan para sa pagtatayo ng sentro ng pagsasanay sa loob ng Philippine National Police Academy sa Silang, Cavite. Nagbigay ang US ng P520 milyon para sa konstruksyon at operasyon nito.

Magsisilbing karagdagang base para sa militar ng US ang naturang pasilidad. Dagdag pa ito sa kanilang base sa Marawi City at iba pang kampo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) alinsunod sa napagkasunduan sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement.

Nakaayon din ang pagtatatag ng pasilidad na ito sa disenyo ng US na direktang hawakan at kontrolin ang mga operasyong "kontra-terorismo" sa Pilipinas at mga bansa sa Southeast Asia. Hindi lamang mga tauhan ng PNP at AFP ang sasanayin sa loob ng naturang pasilidad. Dadalhin din ng US sa bansa ang mga papet at kaalyadong hukbo sa Southeast Asia upang isailalim sa indoktrinasyon at pagsasanay sa pagkilala at paglaban sa itinuturing nitong "terorista." Kikilos ang mga hukbong ito bilang mga tauhan ng militar ng US.

Ipinangako na ni Albayalde na una niyang ipailalim sa pagsasanay ang limang bagong-buong batalyon ng PNP Special Action Force (SAF). Matatandaan na noong 2014, ang militar ng US din ang palihim na nagsanay sa dalawang kumpanya ng SAF sa Zamboanga City na isinabak sa operasyon sa Mamasapano, Maguindanao kung saan 44 pulis ang namatay. **AB**

Mga protesta sa Hongkong laban sa ekstradisyon

Patuloy na naglulunsad ng dambuhalang mga demonstrasyon ang milyon-milyong mamamayan ng Hongkong para ipakita ang kanilang paglaban sa iniraratsadang pag-amyenda ng administrasyong Lam sa batas ng ekstradisyon. Layunin ng panukala na pahintulutan ang pagpasa ng mga indibidwal na may kaso sa China sa bansa para doon litisin. Nagsimula ang malalaking protesta noong Hunyo.

Para sa mga residente ng Hongkong, niyuyurakan ng panukalang ito ang awtonomiya ng lugar na itinuturing na “espesyal na rehiyong administratibo.” Iginigiit nila ang paggalang sa umiiral na “one country, two systems” (isang bansa, dalawang sistema) na nagbibigay sa Hongkong ng awtonomiya at hiwalay na sistemang ligal sa China.

Rumurok ang mga pagkilos noong Agosto 11 kung saan mahigit dalawang milyon ang nagprotesta. Nagsimula ang protesta nang mapayapa sa kabila ng panggigipit ng pulisya. Muling rumurok ang mga pagkilos noong Agosto 18, kung saan umaabot sa 1.7 milyong residente ang bumuhos sa mga lansan-

ngan.

Nasa ika-11 linggo na ang mga protesta. Sa panahong ito, maramihang inaaresto ang mga raliyista at tinutugis maging ang mga sugatan na nagpapagamot sa mga ospital. Sinasampahan sila ng mga kasong kriminal, at upang pahabain ang kanilang pagkabilanggo ay binansagang “kaguluhan” ang kanilang mga pagkilos.

Galit na galit ang mga residente ng Hongkong sa pagmamamanting ng administrasyon at ang pagtanggap nito na makipagdayalogo o makipagkompromiso. Bagamat idineklarang “patay na” ang panukala, walang ginawang hakbang si Lam para tuluyan na itong iatras.

Ayon sa International League of Peoples' Struggle (ILPS), ang kilusan laban sa ekstradisyon ay demokratiko at nilalahukan ng malawak na alyansa ng mga organisasyong may iba't ibang antas ng pampulitikang kamulatan at kahandaan.

Nakasentro ang mga protesta sa paglaban sa ekstradisyon at karahasan ng pulis sa mga raliyista. Pero tinutumbok din nito ang ilang mga batayang isyu na kinakaharap ng mga mamamayan gaya ng kawalan ng disentang trabaho at tirahan, mababang sahod, mahabang oras sa paggawa, mataas na presyo ng bilihin at iba pa.

Hinimok ng ILPS ang mga residente ng Hongkong na magpunyagi sa kanilang paglaban habang nagiging mapagmatyag sa dayuhang mga kapangyarihan gaya ng US na nakikisakay sa isyu para udyukan ang pakikipaghiwalay ng Hongkong sa China. AB

Sunog sa kagubatan ng Amazon, nakaaalarma

MAHIGIT DALAWANG LINGGO na ang walang tigil na sunog sa kagubatan ng Amazon sa Brazil nitong Agosto. Sa taong ito, umabot na sa 72, 843 ang naiulat na bilang ng sunog sa kagubatan ng bansa. Kalahati nito ay nasa Amazon. Ang bilang ng mga sunog ay dumami nang 84% kumpara sa nakaraang taon batay sa mga ulat ng National Institute for Space Research ng Brazil.

Ang kagubatan ng Amazon ay may lawak na 550 milyong ektarya (20 beses na mas malaki sa kalupaan ng buong Pilipinas). Ito ang pinakamalawak na kagubatan sa buong mundo at sumasaklaw sa siyam na bansa. Pinakamalaking bahagi nito ay nasa bansang Brazil. Tahanan ito ng 10% ng mga halaman at hayop sa daigdig. Tinatayang nagsusuplay ito ng 20% ng oxygen na ginagamit ng mga tao sa buong mundo. Dahil dito, nakatutulong ang Amazon sa pagmamantine ng mabilis na nagbabagong temperatura ng planeta. Dagdag dito, nagsisilbing tirahan

ang Amazon ng 400 tribu.

Liban sa mga sunog, pabilis nang pabilis ang pagkasira ng Amazon dahil sa mga pagpasok ng mga proyektong mina, dam, daanan at iba pa.

Makailang beses nang hinikayat ng presidente ng Brazil na si Jair Bolsonaro ang mga magtotoso, rantsero at mga magsasaka na magpalawak at kontrolin ang Amazon. Gayundin, binawasan niya ng \$23 milyon ang badyet ng Brazil sa pangangalaga sa kalikasan. Bumaba din nang 70% ang operasyong inspeksyon sa Amazon. Tinanggal din niya sa mga katutubo ng Brazil ang pangangalaga sa Amazon sa

bisa ng isang kautusang ehekutibo.

Pinangunahan din ng kanyang anak na si Flavio, na isang senador sa Brazil, ang reporma sa batas sa kagubatan na nagtatanggal ng obligasyon sa mga magsasaka sa Amazon na panatilihin ang kagubatan sa 50-80% ng kanilang pinagmamay-aring lupa.

Pinakamalaking rason ng pagkasira ang ekspansyon ng mga proyektong imprastruktura tulad ng mga daanan at mga plantang *hydroelectric*. Isa sa pinakatina-maan nito ang lugar na Para na tipinagtayuan ng daanang BR163 na nagdudugtong sa Amazon at dam ng Belo Monte. Noong 2017, may plano ang Brazil na magtayo ng higit 40 dam na *hydroelectric* bago matapos ang 2022. Sa kabuuan, ang Amazon ay nakalbo na nang 15% dahil dito. AB